

Unang Markahan – Baitang 2 Supplemental Lesson Plan

Aralin 1: Ang Po at Opo

A. PANIMULA

1. Balik-aral

Magpapakita ng mga larawan ng mga hayop at ibibigay ng mga mag-aaral ang huni o tunog ng bawat isa dito.

2. Pangganyak

Magpapakita ng isang larawan at sasabihin ng mga mag-aaral kung ano ang nakikita nila dito.

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Ipapabasa ang tulang tungkol sa “PO AT OPO.”

PO AT OPO

ni Rosalina Sebastian

Ang bilin sa akin ng ina't ama ko
Maging magalangin mamumupo ako
'Pag kinakausap ng matandang tao
Sa lahat ng lugar sa lahat ng dako.
"Pag ang kausap ko'y matanda sa akin
Na dapat igalang at dapat pupuin
Natutuwa ako na bigkas-bigkasin
Ang "po" at ang "opo" ng buong paggiliw.

2. Talakayan

Pagsasalita

Magbigay ng mga pahayag at sasagutin ng mga mag-aaral kung ano ang angkop na magalang na pananalita sa bawat pahayag. Halimbawa: "po," "opo," o "hindi po"

1. Magandang umaga, _____.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan, at damdamin

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Natutukoy ang nakikita sa larawan
2. Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagbati)
3. Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon
4. Nakasusulat ng may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat
5. Nakagagawa ng pataas-pababang guhit

2. Kumusta _____?
3. Kailan _____ kayo dumating?
4. _____, nagkakamali po kayo.
5. _____, matutuloy po kami sa Sta. Rosa ngayon.

Gawain

Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsulat ng tamang baybay.

Panuto: Isulat ang tamang baybay ng mga salita mula sa napakinggang tula.

1. maGalang _____
2. MagulaNG _____
3. mApitAgAn _____
4. makaTao _____
5. Makipag-UsaP _____

3. Pagtataya

Ipabuo ang diwa ng pangungusap.

Panuto: Gamitin ang mga salita sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

minana		kasiyahan
	mapitagan	
nakalulugod		alitan
	binibigkas	

1. Magalang ang batang gumagamit ng "po" at "opo" kung karaniwang _____ niya ito kapag kausap ang nakatatanda.
2. Kapag magalang ang isang bata, _____ itong kausap.
3. Nasisiyahan ka ba kung ikaw ay may _____ mula sa iyong lola?

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

4. Ang magkaibigan ay bihirang magkaroon ng _____ o away.
5. Makatao ang taong _____.

Pagsulat: Ipabakat sa mag-aaral ang mga maliliit na linya upang makasulat nang mula taas pababa.



C. KONKLUSYON

1. Paglalahat

Itanong:

Ano-anong magagalang na pananalita ang ginagamit natin sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda?

Sabihing gumamit ng magagalang na pananalita tulad ng "po" at "opo" kung ang kausap ay nakatatanda.

2. Pagpapahalaga

Ipaalala:

Maging malumanay sa pagsasalita kung nakikipag-usap at gumamit ng mga pananalitang angkop sa pagkakataon.

Takdang Aralin

Ibigay bilang takda:

Panuto: Batay sa iyong sariling karanasan, sagutan ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-anong magagalang na pananalita ang ginagamit natin sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda?
2. Paano tayo natututo ng mga magagalang na pananalita?
3. Bakit kailangang gamitin ang “po” at “opo” at ang iba pang magagalang na salita sa pakikipag-usap?
4. Ginagamit mo ba ang magagalang na salita sa pakikipag-usap sa isang kasinggulang? Bakit?

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Aralin 2: Ang Daga at Ang Leon

A. PANIMULA

1. Balik-aral

Magpakita ng larawan ng isang batang nakikipag-usap sa isang matanda. Magtanong kung ano ang masasabi ng mga mag-aaral tungkol sa larawan.

2. Pangganyak

Magpakita ng mga larawan at susuriin ng mga mag-aaral kung ano ang nais ipahiwatig ng mga larawan.

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Ipabasa o basahin ang isang pabula na pinamagatang "Ang Pabula ng Daga at ng Leon."

Ang Pabula ng Daga at ng Leon

Isang daga ang nakatuwaang maglaro sa ibabaw ng isang natutulog na leon. Kanyang inaakyat ang likuran ng leon at pagdating sa itaas ay nagpapadausdos siya paibaba. Sa katuwaan ay di niya napansin na nagising ang leon. Dinakma ng leon ang daga at hinawakan sa buntot na wari bagang balak siyang isubo at kainin. Natakot at nagmakaawa ang daga.

"Ipagpaumanhin mo kaibigan. Hindi ko sinasadyang gambalain ka sa pagtulog mo. Wala akong masamang hangarin. Nakatuwaan ko lang na maglaro sa iyong likuran. Huwag mo akong kainin," sabi ng daga.

Nabakas ng leon sa mukha ng daga ang tunay na pagmamakaawa.

"Sige, pakakawalan kita pero sa susunod ay huwag mong gambalain ang pagtulog ko," sabi ng leon.

"Salamat kaibigan. Balang araw ay makagaganti rin ako sa kabutihan mo," sagot ng daga.

Lumipas ang maraming araw at minsan sa pamamasyal ng daga sa kagubatan ay kanyang napansin

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng tekstong napakinggan o nabasa

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nakasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento batay sa tunay na pangyayari/pabula
2. Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng tekstong napakinggan o nabasa
3. Nakasali sa isang usapan tungkol sa isang pangyayaring naobserbahan
4. Nakasusunod sa nakasulat na panutong may 1 – 3 hakbang
5. Nakagagawa nang pataas na paikot na guhit

ang isang lambat na nakabitin sa puno. Lumapit siya upang mag-usisa at agad niyang nakilala ang leon na nahuli sa loob ng lambat na ginawang bitag ng mga nangangaso sa kagubatan. Dali-daling inakyat ng daga ang puno at nginatngat ang lubid na nakatali sa lambat. Agad namang naputol ang lubid at bumagsak ang lambat kasama ang leon sa loob. Mabilis na bumaba ang daga at tinulungan ang leon na makawala sa lambat.

“Utang ko sa iyo ang aking buhay,” laking pasasalamat na sabi ng leon sa kaibigang daga.

Simula noon ay palagi nang magkasama ang magkaibigang leon at daga.

2. Talakayan

Magtanong tungkol sa binasang kuwento at sasagutin naman ng mga mag-aaral.

1. Sino ang mga tauhan sa pabula?
2. Ano ang ginawa ng daga na ikinagalit ng leon?
3. Ano ang ginawa ng daga upang patawarin siya ng leon?
4. Anong pangyayari ang naganap upang makaganti ang daga sa kabutihan ng leon?
5. Ano ang mga aral na nakuha sa pabula?

3. Gawaing Pagsulat

Pasulatin nang kabit-kabit ang mga mag-aaral.

Panuto: Pumili ng limang salita mula sa pabula, at isulat sa kabit-kabit na paraan ang mga salita.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

4. Gawaing Pangwika



Tatalakayin ang katangian ng mga tauhan sa pabula. Pagkatapos ay ipagagawa sa mag-aaral ang tsart.

Panuto:

Hakbang 1: Balikan ang mga tauhan sa binasang pabula.

Hakbang 2: Punan ang tsart tungkol sa katangian ng mga tauhan sa pabula.

Hakbang 3: Sumulat ng isang pangungusap tungkol sa katangian ng nagustuhan mong tauhan sa pabula.

Ang Pabula ng Daga at ng Leon	
Tauhan	Katangian
	
	

Ang nagustuhan kong tauhan ay ang _____
_____ dahil _____
_____.

C. KONKLUSYON

1. Balik-aralan ang pabula bilang *genre* ng isang patikan.

Ano ang isang pabula? Ang **pabula** ay isang uri ng kuwento na nagbibigay ng aral. Karaniwang mga hayop ang tauhan nito. Sila'y nagsasalita at kumikilos na tulad ng tao.

2. Ipaalala ang mga pagpapahalagang makukuha mula sa pabula.

Mga aral ng pabula: Ang paghingi ng paumanhin sa kapwa ay sinusuklian ng pang-unawa. Ang pag-unawa sa kapwa ay humahantong sa mabuting pagkakaibigan. Huwag maliitin ang kakayahan ng iyong kapwa. Hamak man ang isang tao ay maaari siyang makatulong ng malaki o makagawa ng bagay na lubhang makabuluhan.

3. Itakda

Panuto: Pagkabitin ng guhit ang mga salitang kinuha sa pabula sa mga salitang kasingkahulugan nito.

Hanay A

1. lunas
2. paika-ika
3. gagambalain
4. namataan
5. bitag

Hanay B

- a. papilay-pilay
- b. gamot
- c. panghuli
- d. mangha
- e. guguluhin
- f. nakita

Aralin 3: Ang Alagang Aso

A. PANIMULA

1. Balik-aral

Magpaparinig ng mga tunog ng iba't-ibang mga sasakyan at tutukuyin ng mga mag-aaral ang tunog ng mga ito.

2. Pangganyak

Magpapakita ng larawan ng isang bukid at mag-iisip ang mga mag-aaral kung ano-ano ang mga hayop na makikita dito.

Pagkatapos, tutukuyin ng mga mag-aaral ang huni o tunog ng mga hayop na nasa larawan.

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Ipababasa ang tulang "Ang Alagang Aso" sa mga mag-aaral.

ANG ALAGANG ASO

ni Gregorio V. Bituin Jr.

Tapat na kaibigan ng tao
Ngunit sunud-sunuran sa amo
Masaya na sa ibatong buto
Handang lumaban para sa iyo

Huwag ka lang sa kanya'y magtaksil
Kundi'y masasagpang ka ng pangil
Kaibigang tapat ngunit sutil
Pag ginutom mo siya'y aangil

Alam ng asong may karapatan
Ang mga tulad niyang hayop man
Kaya't aso'y iyong alagaan
Pagkat tapat siyang kaibigan

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nasasagot ang mga tanong na sino, ano, saan, at bakit
2. Nailalarawan ang mga bahagi ng kuwento
3. Nakasusunod sa napakinggang panuto (1 hakbang)
4. Nakapagbibigay ng simpleng panuto na may 2 – 3 hakbang
5. Napagyyaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita
6. Nakagagawa ng pababang paikot na guhit

Tapat na tanod ng iyong bahay
Ibang tao'y kakahulang tunay
Ngunit pag aso mo na'y naglaway
Ingat, baka rabis ang lumatay

2. Talakayan

Magtanong tungkol sa tula na binasa at sasagot naman ang mga mag-aaral.

Mga tanong:

1. Sino ang tapat na kaibigan ng tao?
2. Ano ang ginagawa ng aso sa tao?
3. Saan nagbabantay ang aso?
4. Paano naman dapat alagaan ng tao ang aso?
5. Bakit itinuturing na magkaibigan ang tao at aso?

3. Gawain

Magbigay ng panuto na may dalawang hakbang upang sundin ng mga mag-aaral.


Panuto:

Hakbang 1: Tutukuyin ang mga hayop mula sa larawan.

Hakbang 2: Isulat ang huni o tunog ng bawat isa at isusulat sa mga bilog.


Huni ng mga
Hayop

Pangalan ng
mga Hayop



manok

Twit, twit



7. Nakadarama ng pagbabago sa sariling damdamin at pananaw batay sa binasang teksto

Kaw, kaw	
	daga
	baboy
Unga, unga	
	pusa

4. Pagtataya

Subukin ang kakayahan ng mag-aaral sa pagtukoy ng nakikita sa larawan.

Panuto: Isulat ang **T** kung tama ang pahayag at **M** naman kung mali ito.



_____ 1. Gumising ang bata kahit inaantok.



_____ 2. Kusang naliligo ang pusa.



_____ 3. Nakatago ang daga sa lungga.




_____ 4. Nasa ilalim ng punong kahoy ang baboy.



_____ 5. Hatak ng kalabaw ang kariton.

5. Pagsulat

Panuto: Bakatin ang mga guhit upang makagawa ng; pababang paikot.



C. KONGKLUSYON

1. Paglalahat


Ang **tula** ay isang uri ng babasahin na may kaayusan ang magkakatugmang salita, may ritmo, naglalahad ng mga ideya, karanasan, at damdamin.

2. Pagpapahalaga

Ang mga hayop ay dapat alagaan at mahalina, sapagkat sila ay mga kaibigan natin.

Takdang Aralin


Panuto: Tukuyin ang mga salitang hinahanap. Punan ang patlang ng nawawalang letra. Gawing gabay ang mga paglalarawan.



1. Ibig mo pang matulog Ina ___ t ___ 2. Nagising sa ingay ng kaaway ng daga P ___ s ___

A ___ 4. Nakipaglaro sa kaibigang alaga Al ___ s ___ l 3. Bumangon at kumain sa umagahan

5. Naglaro kayo ng habulan Tak ___ u ___ an 6. Napagod at sandaling hinto Pa ___ ing ___

 8. Pagbati Na ___ i ___ 7. Naglinis ng katawan

Aralin 4: Ang Unang Bayani

A. PANIMULA

1. Balik-aral

Gamit ang *flashcards*, magpapakita ng mga salitang halimbawa ng mga panghalip na panao. Sabay-sabay na babasahin ng mga mag-aaral at tutukuyin kung anong uri ng mga salita ito.

2. Pangganyak

Magpapakita ng mga larawan ng mga bayani ng bansa, at tutukuyin ng mga mag-aaral kung sino at ano ang nagawa nila para sa bansa.

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Ipapabasa ang “Unang Bayani,” talambuhay ng bayaning si Lapulapu sa mga mag-aaral.

Ang Unang Bayani

Si **Lapulapu** (nakilala 1521) ay isang datu sa pulo ng Mactan. Isa itong pulo sa Kabisayaan ng Pilipinas na nakilala bilang pinakaunang katutubo ng kapuluan na lumaban sa pananakop ng mga Kastila. Itinuturing siya bilang pinakaunang bayaning Pilipino.

Bilang isang pinuno ng Mactan, si Lapulapu ay sadyang may matibay na paninindigan. Patunay dito ang mariin niyang pagtanggì sa mga mapanlinlang na alok ni Magellan. Ayon kay Magellan, bibigyan niya ng magandang posisyon at natatanging pagkilala si Lapulapu. Subalit kapalit nito ang pagkilala at pagtatag ng pamahalaang Kastila sa pulo na kanyang nasasakupan. Labis na ikinagalit ni Magellan ang pagtanggì ni Lapulapu sa kanyang alok.

Samantala, isang anak na lalaki ni Datu Zulla, kaaway ni Lapulapu, ang pumanig kay Magellan at kanilang binuo ang paglusob sa lokal ng Mactan. Hatinggabi ng Abril 26, 1521 nang si Magellan, kasama ng kanyang mga kapanalig

Pamantayang Pangnilalaman:

Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa larawan
2. Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya)
3. Nababasa ang mga salita sa unang kita
4. Nakasusulat sa kabit-kabit na paraan na may tamang laki at layo sa isa't-isa ang mga salita
5. Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga parirala at pangungusap gamit ang

na mahigit na isang libo ay naglayag upang sakupin ang lokal ng Mactan. Sa kabilang dako ay handa namang salubungin ito ng may 1,500 mandirigma ni Lapulapu. Sila ay nakapuwesto sa may baybaying-dagat. Ang gamit lamang ng mga Pilipino sa pakikipaglaban ay pana, sibat, at gulok. Nang magsalubong ang dalawang puwersa ay nagsimula ang isang labanan sa Mactan. Sa bandang huli ay nagapi ni Lapulapu si Magellan.

2. Talakayan

Magsusulat sa pisara ng mga salitang kinuha sa talambuhay. Sasagutan ng mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong gamit ang mga salitang isinulat sa pisara.

Mga tanong:

gulok	Maynila	mandirigma
dayuhan	Mactan	Pilipino

1. Si Lapulapu ay unang bayani ng _____.
2. Si Lapulapu ay isang pinuno sa _____.
3. Ayaw pasakop ni Lapulapu sa mga _____.
4. Matatapang ang mga kasamahang _____ ni Lapulapu.
5. Ang gamit lamang ng mga Pilipino sa pakikipaglaban ay pana, sibat, at _____.


3. Gawain

Palagyan ng bilang 1–3 ang larawan batay sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kuwento.

mga salitang natutuhan sa aralin

6. Naisusulat ng may wastong baybay at bantas ang mga salitang ididikta ng guro

Panuto: Isaayos ang mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kwento. Lagyan ng bilang 1–3.







4. Pagtataya

Susukatin ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa gamit ng panghalip.

Panuto: Isulat sa patlang ang panghalip panaong dapat ipalit sa mga salitang may salungguhit sa pangungusap.

1. Si Lapulapu ay ang unang bayaning Pilipino. Isa _____ bayani.
2. Ferdinand Santos ang pangalan ko. _____ ay ipinangalan kay Magellan.

3. Magellan, isa kang dayuhan. _____ ay isang mananakop.
4. Si Lapulapu ang pinuno ng Mactan. Nagmula _____ sa Cebu.
5. Bilang mag-aaral, _____ ay humahanga sa kanyang katapangan.

5. Pagsulat

- a. Ipasulat nang kabit-kabit sa mga mag-aaral ang mga impormasyon tungkol sa unang bayani nang may wastong baybay at bantas. Maaaring magsaliksik ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng interbyu o pagtatanong-tanong at maaari din pumunta sa aklatan.

Panuto: Isulat ang mga salita gamit ang wastong baybay at bantas.

Ang Unang Bayani	
Detalye ng Talambuhay ni Lapulapu	
Magulang:	
Asawa:	Anak:
Paksa:	
Lugar na Pinaglabanan nina Lapulapu at Magellan: _____	Gamit sa Pakikipaglaban ng mga Pilipino: _____ Espanyol: _____
Mga Pangyayari: _____ _____	

- b. Panuto: Pasulatin ang mga mag-aaral ng dalawang parirala at dalawang pangungusap tungkol sa nakalarawan sa kabit-kabit na paraan na ginagamitan ng maliit at malaking letra at tamang mga bantas.



C. KONKLUSYON

1. Paglalahat

Ano ang **talambuhay**?

Ang **talambuhay** ay binubuo ng mga datos na nagkukuwento tungkol sa isang tao at sa kanyang mahalagang ginawa. May mga petsa at maayos na pagkakasunod-sunod ng mga salita na naglalahad kung kailan nangyari ang isang gawain o kilos ng taong ikinukuwento.

2. Pagpapahalaga

Ang pagpapakita ng kabutihan at malasakit sa kapwa, kasama ng mga paggawa ng mga bagay na ikabubuti ng bansa ay mga katangian ng mga taong maaaring ituring na bayani ng bansa.

Takdang Aralin

Panuto: Pagtambalin ng mga salitang magkapareho ang kahulugan. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

- | | |
|---------------------|---------------------|
| _____ 1. mandirigma | a. itak |
| _____ 2. dayuhan | b. armas |
| _____ 3. sandata | c. siyentipiko |
| _____ 4. pulo | d. kawal |
| _____ 5. gulok | e. taga-ibang bansa |
| | f. isla |

Aralin 5: Ang Hamon Ni Agila

A. PANIMULA

1. Balik-aral

Magpapakita ng mga larawan at isasaayos ng mga mag-aaral ang mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

2. Panganyak

Magtatanong kung sino sa mga mag-aaral ang makapagbibigay ng iba't ibang mga hayop at ang nililikha nitong mga huni o tunog.

B. KATAWAN

1. Paglalahad

Pagbasa

Ipapabasa ang pabulang “Ang Hamon ni Agila” sa mga mag-aaral. Maaaring gawing pangkatang gawain. Ang unang pangkat ang tagapagsalaysay; ang pangalawang pangkat ang gaganap na Agila at ang pangatlo ang magiging Maya.

ANG HAMON NI AGILA

Isang agila ang kasalukuyang lumilipad sa kalawakan, buong yabang niyang iniladlad at ibinuka ang kanyang malalapad na pakpak. Habang patuloy siya sa kanyang paglipad ay nakasalubong niya ang isang maliit na ibong maya at hinamon niya ito.

“Hoy Maya, baka gusto mong subukan kung sino sa ating dalawa ang mabilis lumipad?” buong kayabangang sabi ni Agila.

Napatingin ang Maya sa kalawakan. Nakita niyang nagdidilim ang kalangitan, natitiyak niyang ang kasunod niyon ay malakas sa pag-ulan. Nagpasya si Maya na tanggapin ang hamon nito para maturuan niya ng leksyon.

“Sige! Tinatanggap ko ang hamon mo. Magsimula tayo makalipas ang limang minuto.”

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan, at damdamin.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nailalarawan ang mga tauhan sa napakinggang teksto batay sa kilos
2. Naipahahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggang kuwento batay sa tunay na pangyayari/pabula
3. Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (tayo, kayo, sila)
4. Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahalan

Natuwa si Agila, hindi niya akalain na tatanggapin ni Maya ang hamon niya. Upang lalo pang mainsulto si Maya, tinanong niya ito.

“Baka mayroon kang gustong ibigay na kondisyon? Pagbibigyan kita.”

“Hmmmmm, para lalong maging masaya ang paligsahan natin ay kailangang bawat isa sa atin ay magdadala ng isang bagay. Halimbawa ang dadalhin ko ay asukal at ikaw naman ay bulak,” sagot naman ng walang takot na si Maya.

Tumawa ang agila sa narinig na sinabi ng maya. Bakit nga naman hindi eh, mas hamak na magaan ang bulak na dadalhin niya kumpara sa mabigat na asukal na dadalhin naman ng maliit na ibon.

“O ano, Agila, payag ka ba?” untag ni Maya.

“Aba oo, payag na payag ako,” sabi ni Agila.

“Sige doon tayo mag-uumpisa sa ilog na ‘yon at doon tayo hihinto sa tuktok ng mataas na bundok na iyon,” wika pa ni Maya.

Gustong matawa ni Agila dahil tiyak na ang panalo niya, subalit hindi siya nagpahalata.

Sinimulan na nga nila ang paligsahan. Habang nasa kalagitnaan na sila ng kalawakan ay siya namang pagbuhos ng malakas na ulan. Nabasa ang bulak na dala-dala ni Agila kaya bumigat ito ng husto. Nahirapan si Agila, kaya bumagal ang lipad niya. Samantalang ang mabigat na asukal na dala-dala naman ni Maya ay nabasa din ng ulan kaya natunaw ito. Napabilis ang lipad ni Maya. Dahilan sa pangyayari, unang nakarating si Maya sa tuktok ng mataas na bundok at tinalo niya ang mayabang na Agila. Hindi inasahan ni Agila ang kalalabasan ng labanan nila. Sa huli, si Maya pa ang naging masaya.

2. Talakayan

Magbibigay ng mga tanong na may kaugnayan sa pabulang binasa. Sasagutin ng mga mag-aaral batay sa kanilang natatandaang nilalaman ng teksto at batay din sa sariling karanasang kaugnay ng pangyayari o paksa.

Mga Tanong:

1. Ano ang paksa ng binasa?
2. Maganda bang hamunin ang kakayahan ng iba?
3. Naranasan mo na bang hamunin sa isang labanan? Ibahagi mo ang iyong karanasan.
4. Naranasan mo na bang hamunin sa isang labanan ang isang kapuwa-bata?
5. Ano ang kabaligtaran ng salitang labanan?

Gawain: Magsasagawa ng palaro tungkol sa pagkilala sa tauhan ng kuwento.

Panuto: Hahatiin sa dalawang grupo ang klase. Agila ang pangalan ng una at Maya naman ang pangalawa. Ilalarawan ang tauhan sa kuwento. Tatayo at kikilos na parang Agila o Maya kung ang grupo nila ang tinutukoy ng paglalarawan.

1. May malapad itong pakpak.
2. Maliit na ibon ito.
3. Tinanggap nito ang hamon.
4. Matalino ito.
5. Mayabang ito.
6. Natalo ito sa labanan.
7. May dala itong asukal.
8. Nanalo ito sa labanan.
9. Ito ang naghamon ng karera.
10. May dala itong bulak.

3. Pagtataya

Tatayahin ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga panghalip na *tayo*, *kayo*, at *sila*.

Panuto: Isulat sa patlang ang salitang pamalit sa salitang may salungguhit.

- _____ 1. Bakit _____ naparito?
Tanong ni Agila sa maliliit na ibon.
- _____ 2. Sina Pugo at Maya ang nagplano. _____ ang lalaban kay Agila.

- _____ 3. Mga kasamang ibong Pugo at Pipit, huwag magtago.
Lalaban _____ kay Agila.
- _____ 4. Pugo at Inahing Manok,
_____ na ang
magplano sa gagawin.
- _____ 5. Nagsaya sina Pugo, Inahing
Manok at ang maliliit
na ibon. _____ ang
tagumpay.

C. KONGKLUSYON

1. Paglalahat

Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa mabuti at hindi mabuting paligsahan.

- Ano ang paligsahang maituturing na may kabuluhan?
- Ano ang paligsahang maituturing na walang kabuluhan?

2. Pagpapahalaga

Ang lubos na kayabangan ay maaaring magdala ng kamalasan.

Takdang Aralin

Panuto: Sumulat ng dalawa hanggang tatlong pangungusap na nagpapahayag ng iyong ideya, damdamin, o reaksiyon sa binasa/pinakinggang kuwento. Gamitin ang wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat.

Aralin 6: Ang Pasaway Na Langgam

A. PANIMULA

1. Balik-aral

Magpapakita ng mga *flashcard* ng mga salitang pamalit sa ngalan ng tao at magbibigay ang mga mag-aaral ng sarili nilang mga halimbawang pangungusap.

2. Pangganyak

Tatanungin ang klase tungkol sa pangyayaring nasaksihan nila sa paaralan na may kaugnayan sa hindi pagsunod sa paalala o babala. Ipasalaysay ito at ipatukoy ang naging sanhi ng pagsuway.

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Ipabasa/Basahin ang pabula na “Ang Pasaway na Langgam” sa mag-aaral.

Ang Pasaway na Langgam

Malapit-lapit na naman ang tag-ulan kung kaya’t ang isang mag-anak na langgam ay abalang-abala sa paghahakot ng pagkain para sa kanilang pinagtataguan.

“Huwag kayong lilihis ng landas patungo sa ating lungga, dahil sa may gawing kaliwa ay may munting kanal,” sabi ni *Tatay Langgam*.

“Hindi po kami lalayo,” sabi ni Unang Munting Langgam.

Abala sa paghahakot ng mga pagkain ang bawat isa, kung kaya’t hindi nila napansin si Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.

“Nakakapagod naman ang paghahakot ng pagkain, matagal pa naman ang tag-ulan ay naghahanda na kami,” sabi sa sarili ni Bunsong Langgam. “Buti pa’y maghanap ako ng mas masarap na pagkain.”

Walang ano-ano’y nakakita siya ng isang kendi na malapit na malapit sa kanal na ipinagbabawal na puntahan ng kanyang ama.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ang iba’t ibang kasanayan upang maunawaan ang iba’t ibang teksto

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nailalarawan ang mga tauhan sa napakinggang teksto batay sa damdamin
2. Natutukoy ang suliranin sa nabasang teksto o napanood
3. Naiuulat nang pasalita ang mga nasaksihang pangyayari sa paaralan
4. Napag-uuri-uri ang mga salita ayon sa pahiwatig na konseptuwal
5. Nababaybay ng wasto ang may tatlo o apat na pantig na salitang natutuhan mula sa aralin

“Siguro naman ay hindi ako mahuhulog sa kanal kung dahan-dahan kong kukunin ang kendi.”

Sa kasabikan niyang makuha ang kendi ay hindi niya napansin ang munting sinulid na kinapatiran ng kanyang paa. Nawalan siya ng panimbang at tuloy-tuloy na nahulog sa kanal.

Samatala, hindi mapakali ang Amang Langgam nang hindi niya makita ang kanyang bunsong anak sa pila. Kaya dali-dali siyang umalis upang ito’y hanapin, hanggang sa siya’y mapadako sa ipinagbabawal na pook. Pagtingin niya sa ibaba ay nakita niyang nakalutang sa tubig ang kanyang bunsong anak.

Masakit man sa kalooban ay naibulong niya sa kanyang sarili na:

“Iyan ang napapala ng mga anak na matigas ang ulo.”

Matagal na hinanap ng pamilyang Langgam ang kanilang bunso. Matapos pa ang panahon ng tag-ulan nang sila ay muling nagtagpo. Simula noon, hindi na umalis sa pila ang langgam na bunso.

2. Talakayan

Magtatanong ng mga pangyayari o mga suliranin sa kuwento.

Mga Tanong:

1. Bakit kailangan mag-ipon ng pagkain ang mag-anak na langgam?
2. Ano ang bilin ng tatay na langgam sa mga anak nito?
3. Bakit nawala si bunsong langgam?
4. Ano ang nangyari kay bunsong langgam?
5. Bakit kailangan sumunod tayo sa utos ng ating mga magulang?

Magtatanong din tungkol sa nararamdaman ng tauhan sa kuwento.

Mga Tanong:

1. Ano kaya ang nararamdaman ni Tatay Langgam habang nagbibigay siya ng babala sa kaniyang mga anak?

2. Ano kaya ang nararamdaman ni Unang Munting Langgam habang naghahakot ng iipuning pagkain?
3. Ano kaya ang nararamdaman ni Bunsong Langgam habang naghahanap ng pagkain?
4. Ano kaya ang naramdaman ni Bunsong Langgam nang mahulog siya sa kanal?
5. Ano kaya ang naramdaman nina Tatay at Bunsong Langgam nang muli silang nagkita?

3. Gawaing Pantalasalitaan

Panuto: Pagtapatin ang mga salita sa Hanay A sa mga kahulugan nito sa Hanay B. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot. Gamitin ang mga pahiwatig mula sa kuwentong narinig.

A	B
_____ 1. mag-anak	a. malago
_____ 2. pook	b. daan
_____ 3. munti	c. lugar
_____ 4. lungga	d. tirahan
_____ 5. landas	e. maliit
	f. pamilya

4. Pagtataya

Pagsulat ng mga salitang may tatlo hanggang apat na pantig

Panuto: Isulat sa mga kahon ang salitang hinahanap na may tatlo o apat na pantig mula sa kuwento.

1. ginagawang pag-iipon ng langgam

n			h	a			k	o	
---	--	--	---	---	--	--	---	---	--

2. iniipon ng mga langgam

p	a				i	n
---	---	--	--	--	---	---

3. ginagamit sa pananahi

s u l i

4. ginagawa kung may gustong makita

a n a n

5. nalaglag sa kanal

n u g

C. KONGKLUSYON

1. Paglalagom

Isa-isahin ang mga paksang tinalakay sa aralin.

- Ang mga tauhan sa kuwento ay parang mga taong may pakiramdam. Ito ang nagbibigay ng puso o damdamin sa kuwento.
- Ang mga salita ay hinahati sa pantig.
- Ang mga salita ay nabibigyang kahulugan batay sa kung ano ang nais ipahayag nito sa pangungusap.

2. Pagpapahalaga

Makinig sa magulang upang hindi mapahamak.

Takdang Aralin

Panuto: Ipasulat sa mag-aaral ang katumbas ng salitang may salungguhit. Maaaring tumbasan sa pagkuha ng kahulugan mula sa diksyonaryo o kaya nama'y sariling pagpapakahulugan batay sa pagkaunawa ng mag-aaral.

- Abala ang mga langgam sa pag-iipon ng pagkain.
- Naghakot ng pagkain ang mga langgam.
- Lumihis ng pila ang bunsong langgam.
- Nasabik siya nang makita ang kendi.
- Hindi na umalis sa pila ang bunsong langgam simula noon.